

# Alamat ng Punong Dita

Sa isang nayon ng Sta. Rosa, may mag-asawang mayaman na sina Tano at Dita. Kilala si Dita na malupit at maramot. Mayabang din siya dahil mayaman sila. Hindi rin siya tumutulong sa kahit sino.

Isang araw, habang naglalakad si Dita sa bakuran ay may kumatok na isang lalaking pulubi.

“Maaari po bang makahingi ng konting pagkain? Ilang araw na po akong hindi kumakain,” sabi ng pulubi.


“Lumayo ka mabahong pulubi!” sigaw ni Dita.

Sumunod na araw, isang babaeng may kasamang batang maysakit naman ang lumapit kay Dita.

“Tulungan po ninyo ako. Tatlong araw na siyang nilalagnat.” Pakiusap ng ina.



"Layas mga hampaslupa. Baka mahawa pa ako ng dala ninyong sakit!" Galit na sigaw ni Dita.



Isang matandang lalaki naman ang patingin-tingin sa bakuran ni Dita, nang sumunod na umaga. Nilapitan agad niya ito.

"Bakit ka titingin-tingin? Magnanakaw ka, ano?" tanong ni Dita.

"Ineng, maaari mo ba akong bigyan ng isang basong tubig, Uhaw na uhaw ako." Mahinang sagot ng matanda.

Lumapit si Dita at itinulak ang matanda. "Doon ka sa balon sumalok ng tubig. Huwag kang mang-abala!" sigaw ni Dita.

Nagalit ang matanda. Biglang nayanig ang lupa at dumagundong ang malakas na kulog.

"Isinusumpa kita! Maghihirap ka! Madarama mo ang sakit na idinulot mo sa iyong kapuwa hanggang sa pumanaw ka." Sambit ng tinig.



Ilang araw lang ang lumipas ay nagkasakit na si Dita. Unti-unti siyang nanghina at hindi na nakakilos. Inaalagaan siya ng asawang si Tano. Dahil dito, napabayaang nila ang mga lupain at naipagbili ang lahat ng ari-arian. Naubos ang kayamanan nila dahil sa pagpapagamot. Ngunit hindi gumaling si Dita at tuluyan nang pumanaw.

Inilibing si Dita sa kanilang bakuran. Paglipas ng ilang araw, isang kakaibang halaman ang tumubo dito. Ilang panahon pa ang lumipas at nagbunga ito. Hitik ito sa maitim na mga bunga. May isang babaeng natuwang pumitas ng isang bunga at tinikman ito. Agad niyang iniluwa ito at sumigaw "Ang pait!"

Pinag-usap-usapan ito ng mga tao at naisip nilang ang lasa ng bunga ay tulad ng ugali ni Dita noong nabubuhay pa. Kaya nagkaisa silang tawaging Dita ang punong ito.

